CALIFORNIA High-Speed Rail Authority

# Seksyon ng Proyekto Mula San Francisco Patungong San Jose
# Draft ng Ulat ukol sa Epekto sa Kapaligiran/Pahayag ukol sa Epekto sa Kapaligiran

**PAMPUBLIKONG PABATID UKOL SA PAGBABAGO NG PANAHON PARA SA PAMPUBLIKONG PAGSUSURI**

Ang panahon ng pag-aaral ng publiko sa Draft EIR/EIS ng Proyektong Seksyon ng San Francisco hanggang San Jose ay magtatapos na ngayon sa **Setyembre 9, 2020.** Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Authority (www.hsr.ca.gov) o tumawag sa (800) 435-8670.

Ipinababatid sa inyo ng California High-Speed Rail Authority (Authority) na ang panahon ng pampublikong pagsusuri sa Draft ng Ulat ukol sa Epekto sa Kapaligiran/Pahayag ukol sa Epekto sa Kapaligiran (Draft Environmental Impact Report/Environmental Impact Statement, EIR/EIS) ng Proyektong Seksyon ng San Francisco hanggang San Jose ay pinalawig pa upang magtapos ito ngayon sa Setyembre 9, 2020.

Una nang ginawa ng Authority na makukuha ang Draft EIR/EIS para sa pinakamaikling 45-araw na panahon ng pagsusuri at pagkokomento na magsisimula sa Hulyo 10, 2020, at magtatapos sa Agosto 24, 2020,alinsunod sa California Environmental Quality Act and National Environmental Policy Act. Napagpasyahan ng Authority na palawigin pa ang panahon ng pagkokomento upang magtapos iyon ngayon sa **Setyembre 9, 2020**, bilang pagtugon sa mga kahilingan ng ahensiya at ng mga stakeholder sa pagsasaalang-alang ng mga limitasyong dulot ng pandemyang novel coronavirus. **Ang panahon ng pagkokomento ngayon ay Hulyo 10, 2020 hanggang sa at kasama ang Setyembre 9, 2020.** Ang mga komento ay kailangang matanggap sa elektronikong paraan o natatakan sa koreo sa o bago ang Setyembre 9, 2020. Isang pampublikong pagdinig ang gaganapin sa Agosto 19, 2020, mula 3:00 pm hanggang 8:00 pm. Upang makasali, pumunta sa https://us02web.zoom.us/j/82619794385 o tumawag sa 1-669-900-9128, Webinar ID: 826 1979 4385#. Para sa impormasyon, bisitahin ang www.hsr.ca.gov o tumawag sa (800) 435-8670. Si necesita ayuda para traducir o interpretar esta carta, hay personal que habla español que está disponible para ayudarle. Sírvase llamar al (800) 435-8670. 如果您需要有人幫助您翻譯或口譯本信函， 會說中文的工作人員將會幫助您。請撥打 (800) 435-8670。Nếu bạn cần trợ giúp phiên dịch hoặc diễn giải bức thư này, nhân viên nói tiếng Việt sẽ có sẵn để hỗ trợ bạn. Vui lòng gọi (800) 435-8670. Kung kailangan ninyo ng tulong upang isalin ang liham na ito sa wikang bukod pa sa English, mangyaring tumawag sa (800) 435-8670.